Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

**28 Setyembre 2025** | **Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon** | **Taon K**

PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT /
LINGGO NG MGA MIGRANTE

## Pag-ibig kay Kristo sa Katauhan ng mga Nangangailangan at Napapabayaan



*Pinaaalalahanan tayo ngayong unawain ang katayuan ng ating kapwa at magsikap makatulong sa kanilang mga pangangailangan. Darating ang araw na tayo'y magsusulit sa Diyos na siyang tagapagtanggol sa mga nangangailangan at napapabayaan.*

*Kabilang sa mga nangangailangan ng ating kalinga at pakikiisa sa ating lipunan ay ang mga mandaragat na kadalasang malayo sa kani-kanilang mga pamilya. Alalahanin natin sila sa ating paggunita sa Pambansang Araw ng mga Mandaragat at Linggo ng Migrante. Ipanalangin din natin ang lahat ng mga pari, relihiyoso, at laykong tumutulong sa mga mandaragat sa buong mundo. Nawa ang Eukaristiya natin ngayo'y maging espirituwal na tulay na mag-uugnay sa atin sa kanilang lahat.*

### PASIMULA

**Pambungad**

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lahat ng iyong ginanap ay makatarungang lahat, yamang kami'y sumalungat, parusa'y 'yong inilapat. Hiling namin ay patawad.** ***(Dan 3:32.29.30.43.43)***

**Pagbati**

*P–*Sumainyo ng Panginoon.
*B–***At sumaiyo rin.**

**Pagsisisi**

*P–* Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos, kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad na lubos. *(Manahimik sandali.)*

*P–* Panginoon, kami'y nagkasala sa iyo.
*B–* **Panginoon, kaawaan mo kami.**

*P–* Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.
*B –* **Kami ay lingapin, at sa kahirapan ay iyong iligtas.**

*P –* Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
*B –* **Amen.**

**Papuri**

*B–* Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

**Panalanging Pambungad**

*P–*Ama naming makapangyarihan, ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad at ang iyong laging ipinakikita ay pagkahabag. Padaluyin mo sa aming walang humpay ang kaganda-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

hang-loob mong sa ami'y inilaan upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay, kami'y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* – **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Amos 6:1a.4-7*
*Walang sinuman ang tinutulutang makasariling maglustay samantalang maraming ibang tao ang kulang na kulang sa kanilang mga pangunahing kailangan. Gayon ang mahigpit na paalala ng Panginoon sa mayayaman noong panahon ni Amos at sa ating lahat ngayon.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Amos

**Ito ang sinasabi ng Panginoong makapangyarihan: "Kahabag-habag kayong namumuhay na maginhawa sa Sion! Kahabag-habag kayo na nahihiga sa magagarang kama at nagpapahinga sa malalapad na himlayan, habang nagpapakabusog sa masasarap na pagkain. Lumilikha pa kayo ng mga awit sa saliw ng mga alpa, tulad ni David. Sa malalaking mangkok na kayo umiinom ng alak at mamahaling pabango ang ipinapahid ninyo sa katawan. Ngunit itinangis na ba ninyo ang darating na pagkawasak ng Israel? Hindi.**

**Kaya nga, kayo ang unang ipatatapon. Matitigil na ang inyong mga pagpipiging at pagsasaya."**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
*Sal 145:7.8-9a.9bk-10*

*B* – ***Kalul'wa ko, 'yong purihin ang Panginoong butihin.***

*R. M. Velez*




* **Ang maaasahang lagi'y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom.** ***B.***

* **Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya'y nililingap.** ***B.***

* **Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan; tumutulong siya sa balo't ulila, masamang balangkas pinipigil niya.** ***B.***

* **Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa**
*1 Tim 6:11-16*
*Ang mga tagubilin ni Pablo sa kanyang alagad na si Timoteo ay patungkol din sa atin ngayon sapagkat kaisa tayo sa parehong pananampalataya at mga kapangakuan.*

*L* – Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Ikaw na lingkod ng Diyos, sikapin mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananalig, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan. Gawin mo ang buo mong makakaya sa pakikibaka alang-alang sa pananampalataya at kakamtan mo ang buhay na walang hanggan, yamang diyan ka tinawag ng Diyos nang ipahayag mo sa harapan ng maraming saksi ang iyong pananampalataya. Sa ngalan ng Diyos na nagbibigay-buhay sa lahat ng bagay, at sa ngalan ni Kristo Hesus na nagpatotoo sa harapan ni Poncio Pilato, iniuutos ko sa iyo: ang mga tagubiling ito'y panatilihin mong mabisa at walang kapintasan hanggang sa pagdating ng Panginoong Hesukristo.**

**Sa takdang panahon, siya'y ihahayag ng mapagpalang Diyos, ang makapangyarihang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Siya lamang ang walang kamatayan, ang nananahan sa liwanag na di-matitigan. Hindi siya nakita o makikita ninuman. Sa kanya ang karangalan at ang walang hanggang kapangyarihan. Amen.**

Ang Salita ng Diyos.
*B* – **Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** *2 Cor 8:9*
*B* – **Aleluya! Aleluya!**
**Si Kristo ay naging dukha upang tayo'y managana sa bigay n'yang pagpapala.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 16:19-31*
*Paalaala sa atin ng sipi ngayong hindi sapat ang pag-iwas sa paggawa ng masama. Ang kapabayaan nating tumulong sa mga taong nangangailangan bagamat may kaya naman tayo ay isang krimeng pananagutan natin.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
*B* – **At sumaiyo rin.**
*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga Pariseo: "May isang mayamang nagdaramit nang mamahalin at saganang-sagana sa pagkain araw-araw. At may isa namang pulubing nagngangalang Lazaro, tadtad ng sugat, na nakalupasay sa may pintuan ng mayaman upang mamulot kahit mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayaman. At doo'y nilalapitan siya ng aso at dinidilaan ang kanyang mga sugat.**

**Namatay ang pulubi, at dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayaman at inilibing. Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa Hades, tumingala ang mayaman at kanyang natanaw sa malayo si Abraham, kapiling si Lazaro.**

**At sumigaw siya: 'Amang Abraham, mahabag po kayo sa akin. Utusan ninyo si Lazaro na isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at palamigin sa aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.' Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, 'Anak, alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay sa ibabaw ng lupa, at si Lazaro'y nagtiis ng kahirapan. Ngunit ngayo'y inaaliw siya rito, samantalang ikaw nama'y nagdurusa. Higit sa lahat, inilagay sa pagitan natin ang isang malaking bangin upang ang mga narini ay hindi makapariyan at ang mga nariyan ay hindi makaparini.' At sinabi ng mayaman, 'Kung gayon po, Amang Abraham,**

**ipinamamanhik ko sa inyong papuntahin si Lazaro sa bahay ng aking ama, sapagkat ako'y may limang kapatid na lalaki. Paparoonin nga ninyo siya upang babalaan sila at nang hindi sila humantong sa dakong ito ng pagdurusa.' Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, 'Nasa kanila ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta; pakinggan nila ang mga iyon.' 'Hindi po sapat ang mga iyon,' tugon niya, 'ngunit kung pumunta sa kanila ang isang patay na muling nabuhay, tatalikdan nila ang kanilang mga kasalanan.' Sinabi sa kanya ni Abraham, 'Kung ayaw nilang pakinggan ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na muling nabuhay.' "**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

***P* –** Ang mga pagbasa ngayon ay nagpapaalaala sa atin ng ating tungkuling moral na tumulong sa nangangailangan. Patunayan natin ang ating malasakit sa kanilang kapakanan at manalangin nang buong taimtim:

***B* – Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa buong Simbahan: Nawa'y manatili Siyang tagapagtanggol ng mahihirap, mga inaapi, at mga pinagkaitan, sa kabila ng panganib na mapalayo sa Kanya ang mga makapangyarihan at mayayaman. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at lahat ng iba pang namumuno sa atin: Nawa'y lagi nilang ipagtanggol ang mga karapatan ng lahat ng inaapi o pinagsasamantalahan ng mga walang pusong indibiduwal o institusyon. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga nanunungkulan sa industriyang pandagat: Nawa'y lagi nilang igalang ang mga karapatan at karangalan ng mga mandaragat at umiwas sila sa ano mang pagsasamantala. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa ating mga mandaragat: Nawa'y magampanan nila ang kanilang tungkulin at maging matatag sa harap ng kabiguan o pangungulila, at humango nawa sila ng inspirasyon sa mga pagpapahalagang Pilipino at pananampalatayang Kristiyano. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pamilya ng mga migrante: Nawa'y matiis nila ang hirap ng kanilang pagkawalay sa kanilang mga kamag-anak at pasiglahin sila ng pananalig at pag-asang balang araw ay makakapiling nilang muli ang kanilang mga mahal sa buhay. Manalangin tayo. ***B.***

***P* –** Panginoon, Ama ng mahihirap at Tagapagtanggol ng mga nagdadalamhati at nalulumbay, tunghayan Mong magiliw ang lahat ng mandaragat na ginugunita namin ngayon. Tulungan Mo sila at ang kani-kanilang pamilya at panatilihin silang tapat sa isa't isa sa kabila ng kanilang pagkakalayu-layo at paglapitin Mo silang muli. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

***B* – Amen.**

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming Lumikha, loobin mong ikalugod ang aming paghahandog at ito nawa ay siyang magkaloob ng iyong pagpapalang sa ami'y umaagos sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

## Prepasyo IV

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B* – Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P* –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B* – Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** **–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang pangako mo sa akin ngayo'y iyong gunitain. Pag-asa kong tatanggapin kahit aba sa 'yong tingin ang pagsamo ko't dalangin.** ***(Sal 119:49-50)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, ang aming banal na pakikinabang ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming katauhan upang kami'y makatambal sa kaluwalhatian ng aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na amin ngayong ipinahahayag sa ginanap na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin.**

***P*** –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
–Nawa, sa dakilang awa ng Panginoon, palakasin at pagyamanin kayo sa Kanyang biyaya para gawin ninyo ang kasiya-siya sa Kanya.
***B*** **– Amen.**

***P*** –Pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*** **– Amen.**

***P*** –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.
***B*** **–Salamat sa Diyos.**

# Gawin ang Buong Makakaya sa Pakikibaka

*Kalakbay at Katoto*

**Langit at lupa ang layo sa dalawang nilalang na isinilang na hindi kailanman magkakadaop-palad: ang mayaman at ang dukhang si Lazaro**. Tubig at langis naman ang tulad sa pagkakahiwalay ng mayayaman at ng mahihirap sa panulat ni Amos.

**Mayroong patuloy na nagnanaknak na suliranin sa lipunan natin saanman**. Palasak pa rin ang pagtatangi-tangi sa mundo. Tuloy ang hidwaan sa pagitan ng mga taong diumano ay nagmamahal sa Diyos, anuman ang pangalang tawag nila sa kanya. Sa buong kasaysayan ng mundo, napakarami ang namatay sa ngalan ng relihiyon, at maging sa ngayon, ay patuloy ang mga hidwaan at digmaan sa maraming bansa. Ang lahat ay nakikibaka. Ang lahat ay nagpupunyagi upang ang kanilang relihiyon ang siyang manaig o maghari.

Sa araw na ito, tingnan natin ang listahan ng mga bagay na totoo. **Una, totoo na may kawalan ng pagkakapantay-pantay sa mundo, saanman.** Sa Pilipinas, higit ang mahirap kaysa sa mayaman.

**Ikalawang katotohanan . . . Totoo na ayon sa turo ng banal na Kasulatan, hindi maglalaon ay *"matitigil na ang inyong mga pagpipiging at pagsasaya."*** May wakas ang lahat ng bagay. May hangganan ang lahat ng bagay na nakikita at natutunghayan.

**Ikatlo, totoo rin na ang Diyos ay Diyos ng ganap na pagkakaisa, lubusang pagkakapantay-pantay, at Diyos na hindi nagtatangi ng sinuman**.

Nguni't mayroon pang higit na mahalagang katotohanan ang dapat natin bigyang-pansin, ayon sa turo ng Mabuting Balita . At ang katotohanang ito ay may kinalaman sa katarungan ng Diyos.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**Ang Diyos ay Diyos ng katarungan, Diyos na nagtataguyod ng katarungang ganap**. At dahil sa katarungang ito, na kaakibat ng kanyang dakilang habag at awa, mayroon Siyang malalim na malasakit sa mga api, sa mga taong nasa kailaliman ng salansan o ng patas … sa mga taong walang kaya, walang kapit, at walang anumang pinanghahawakan.

**Nguni't may katotohanang kaakibat ang lahat ng ito. Hindi ito isang pagpapasa-kamay na lamang ng Diyos**. Hindi ito isang pagiging hinalig na lamang sa Poong Maykapal. Hindi nangangahulugang wala na tayong dapat gawin, o wala na tayong anumang pananagutan.

Ito ang pagkakamali ng taong mayaman. Nang siya ay humiling, huli na ang lahat. Wala siyang pansin nang nabubuhay. Wala siyang pananagutan at pagmamalasakit noong nasa lupa pa siya. Wala siyang ginawa upang maibsan ang paghihirap ni Lazaro. Hindi niya ginawa ang kanyang buong makakaya noong nabubuhay pa. At dito natin mauunawaan ang isa pang katotohanan … Walang mararating ang awa at katarungan ng Diyos kung walang pagkukusa ang tao. Walang magagawa ang Diyos kung walang pagpupunyagi ang tao. **Walang ginhawa kung walang pagsisikap at walang gantimpala kung walang pagpupunla.**

**Masukal at masalimuot ang mundong iniikutan natin … puno ng sari-saring paghamon, tigib ng lahat ng uri ng kawalan ng pagkakapantay-pantay**.

Matindi ang paghamon … malinaw ang larangan ng pakikidigma. Halos manlupaypay tayo sa harap ng susun-susong mga suliraning pasanin natin. Tama si Pablo. Sa araw na ito, sa harap ng kawalan ng pagkakapantay-pantay na binabanggit ni Amos, sa harap rin ng langit at tubig na pagkakaiba ng mayaman at mga katulad ni Lazaro, mungkahi at paalaala niya sa atin ay ito: *"Sikapin mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananalig, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan."* **Ang pinakamahalagang kataga ay "sikapin."** Alam niyang mahirap ang laban. Alam niyang hindi madali at puno ng balakid. Alam rin natin ito. Halos sumuko na tayo sa kahihiyan sa buong mundo, lalu na at nililibak ng buong mundo ang Pinoy at tampulan ng lahat ng uri ng siste sa mga sine at palabas sa mayayamang bansa. Masahol pa kay Lazaro kung minsan ang tingin sa atin ng mga banyaga. Parang saanman tayo mapunta ay tungkulin natin na patunayang hindi tayo isang bayan ng mga mapagsamantala, at isang lahing busabos at walang alam.

Mahirap lunukin ang mapait na medisinang ito. Angkop na angkop ang paalaala sa atin ni Pablo: *"Gawin mo ang buo mong makakaya sa pakikibaka alang-alang sa pananampalataya at kakamtan mo ang buhay na walang hanggan."*

